
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2
## Uri at Kasarian ng Pangngalan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_Filipino 4_ Modyul 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Pangngalan: Uri at Kasarian**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Criselda T. Taduran, Susan D. Ramos |
| **Editor:** | Laila C. Namoro |
| **Tagasuri** : | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:** | Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran |
| **Tagalapat:** | Rey Antoni S. Malate, |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Ronel Al K. Firmo, Francisco B. Bulalacao, Jr.<br>Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda<br>Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**
Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2
## Pangngalan: Uri at Kasarian

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang nangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Magandang araw!

Nautusan ka na bang bumili ng shampoo o kaya naman sabon sa tindahan o grocery, at pagbalik mo'y pinagalitan ka dahil hindi 'yun ang pinabibili sa 'yo?

Ano kaya ang mali sa binili mo? Korek! Iba nga ang ***brand*** o tatak ng sabon o shampoo na binili mo, kaya ka pinagalitan. Totoong iba-iba ang sabon o shampoo kaya't dapat makuha mo ang tiyak na ngalan nito at uri ng taong gagamit. Sigurado akong hindi ka na pagagalitan, kasi pati ispeling nito, kabisado mo na at kung ito ay panlalaki o pambabae, 'di ba?

Sa araling ito, ikaw ay tutulungang makilala ang mga tiyak at karaniwang ngalan na tumutukoy sa tao, bagay, hayop, pook at pangyayari, kasarian ng pangngalan sa pagsasalta tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid; at sumulat ng talata tungkol sa sarili.

Halika na.

Inaaasahang makakamit mo sa modyul na ito ang mga kasanayang:

1. Nakikilala at nagagamit nang wasto ang pangngalang pantangi at pambalana sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid.
2. Nagagamit nang wasto ang kasarian ng pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid;
3. Nakasusulat ng talata tungkol sa sarili.





## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

**Panuto**: Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon upang mabuo ang sinasabi sa talata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mahusay na (1) ___________ si (2) ___________. Siya ay nagtuturo sa (3) ___________ Elementarya ng (4) ___________ na matatagpuan sa (5)___________. Siya ay may anak na (6) ___________ at (7) ___ ________. Maliban sa pagiging guro, isa rin siyang (8) ___________. Malaki ang kaniyang palayan at taniman ng mga (9) ___________ at (10) ___________.

Siya ay kinagigiliwan ng karamihan dahil sa kaniyang kasipagan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| guro | nurse | magsasaka | Paaralang |
| gulay | prutas | Santiago | |
| Lungsod Iriga | Gng. Rose D. Lagrimas | arkitekto | |

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa pahina 12 ang wastong sagot sa mga tanong.


Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
6-8 tamang Sagot – MAGALING
3-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA



Aralin 1

# Uri at Kasarian ng Pangngalan



## *Balikan*

*Magbalik aral ka.*

*Magbalik-aral ka.*

Naalala mo pa ba ang aralin tungkol sa pangngalan?

Ano ang pangngalan?

*Ang pangngalan ay bahagi ng pananalitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.*



Basahin mo ang tsart at pansinin ang mga salita sa bawat hanay ng ngalan.

| Tao | Bagay | Hayop | Pook | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| tindera | laptop | aso | ospital | pagdiriwang |
| ina | Acer | Shitzu | St. John Hospital | Tinagba Festival |
| Aling Cora | Lenovo | Belgian | Bicol Medical Hospital | Penafrancia Festival |

Napansin mo ba ang mga pangngalang nagsisimula sa malalaking letra?


Sa susunod na mga gawain ay lalo mo pang mapapalawak ang iyong kaalaaman tungkol dito at sa mga kasarian nito.

*Tala para sa Guro*

Bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng mga pangngalan sa mga bagay na kanilang nakikita sa paligid

Ipatukoy ang uri nito. Ipakilala ang konsepto ng pantangi at pambalana sa pagkilala ng pangngalan

## ***Tuklasin***



Nakikilala mo ba ang mga pangngalang ginamit sa panawagan at ang mga kasarian nito?

Mga Pangngalan sa Panawagan

| Panawagan ni Unggoy | Panawagan ni Aso |
|---|---|
| kabundukan | Pangulong Duterte |
| burol | Pangalawang Pangulong Robredo |
| kagubatan | Pulis/kawani |
| tirahan | pamahalaan |



## Suriin

Ngayong natukoy mo na ang mga pangngalan sa panawagang iyong binasa, kilalanin natin ang bawat uri ng pangngalan at kasarian nito. Basahin ang talakayan.



**Saan nakatira si Unggoy?**

*Sagot: Siya ay nakatira sa kabundukan, burol, at kagubatan*

**Anong uri ng pangngalan ang mga salitang ito?**

*Sagot: Ito ay mga pangngalang pambalana.*

Nagsisimula ito sa **maliit na letra**, maliban na lamang kung ito ang unang salita sa pangungusap. Tinatawag itong **pangngalang pambalana.**

**Ano ang kasarian ng mga salitang nabanggit?**

*Sagot: Ito ay mga walang kasarian.*

*Si Pangulong Rodrigo R. Duterte at Pangalawang Pangulo Leni Robredo ay halimbawa ng pangngalang pantangi.*

Tinatawag itong **pangngalang pantangi.** Nagsisimula ito sa **malaking letra**

**Alin ang pangngalang panlalaki?**

Sagot: Pangulong Rodrigo R. Duterte

**Alin ang pangngalang pambabae?**

Sagot: Pangalawang Pangulo Leni Robredo

**Alin ang salitang di- tiyak sa panawagan?**

Sagot : kawani, pulis, pangulo

Lagi mong tatandaan...

- Pangngalan ang tawag sa bahagi ng pananalita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar.
- May dalawang (2) uri ng pangngalan:
  1. Pangngalang Pantangi ang tawag sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ito ay nagsisimula sa malaking let
  2. Pangngalang Pambalana ang tawag naman sa Karaniwan o pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop at lugar. Sa maliit na letra lamang ito nagsisimula.
- Ang Pangngalan ay may kasarian. Maaari itong pambabae, panlalaki, di- tiyak, walang kasarian.

1. Pambabae pangngalang tumutukoy sa babae.
   Halimbawa: (ate, nanay, blusa, lola)

2. Panlalaki pangngalang tumutukoy sa lalaki.
   Halimbawa (kuya, tatay, polo, lolo)

Di-Tiyak pangngalang maaaring tumukoy sa lalaki o babae.

Walang kasarian pangngalang tumutukoy sa mga bagay na walang kasarian.

Halimbawa (upuan, mesa, papel, lapis)

## *Pagyamanin*

*Ipagpatuloy ang pagsasanay.*

***Panuto:*** A. Gamitin ang angkop na pangngalang nasa loob ng panaklong na bubuo sa diwa ng pangungusap.

1. Ang sabong (Colgate, Safeguard, Sunsilk, Joy) ay panglinis ng katawan.

2. Ang ganda ng bestidang nabili ko. Ibibigay ko ito kay (kuya, tiyo, nanay, lolo).

3. Mahilig maglagay ng ipit ang kapatid kong si (Billy, Willy, Lily, Teddy)

4. Ang kaklase ko ay mahilig magsuot ng palda. Siya ay isang (lalaki, babae, guro, kuya)

5. Kunin mo ang (suklay, pamaypay, pitaka, panyo) para makabili tayo ng pagkain.

**Panuto:** B. Punan nang tamang pangangalan ang talata tungkol sa iyong kaibigan. Gamitin ng mga pangngalang may iba't ibang uri at kasarian. Pumili sa loob ng kahon.

| **Baon, kaibigan, Pipay, lapis, papel** |
|---|

Ang Aking Kaibigan

Ako ay may 1. _______. 2. _______ ang kanyang pangalan. Siya ay napakabait. 3. _______niya ay aming pinagsasaluhan. Kapag wala akong 4. _______ at 5. ______ ako'y kanyang pinapahiram. Talagang napakabait ng aking kaibigan



Upang higit pang mahasa ang kakayahan mo sa pagkilala at paggamit ng pangngalang pantangi at pambalanba, narito ang isang Gawain.



## *Isaisip*

Basahin at buoin ang kaisipan.

Ang pangngalan ay may 1. __________ uri. Ito ang pangngalang 2. __________ at pangngalang 3. __________.

Ang 4. _________ay tanging ngalan ng tao, hayop, bagay pook at pangyayari. Ito ay nagsisimula sa 5. __________ letra.

Ang 6. __________ ay ngalan ng tao, hayop, bagay pook at pangyayari. Isinusulat ito sa 7. __________ na letra, maliban kung nasa unahan ng pangungusap.

Ang Pangngalan ay may apat na kasarian. Maaari itong pambabae, panlalaki, di- tiyak, walang kasarian.

Ang pambabae ay tumutukoy sa ngalan ng 8. __________.

Ang panlalaki ay tumutukoy sa ngalan ng 9. __________. Kung hindi sigurado ang tinutukoy na pangngalan, ito ay 10. ______________samantalang 11. __________ kung tumutukoy sa bagay, lugar, at pangyayari. Ito ay ginagamit sa pagsasalita sa sarili at sa ibang tao. Nagiging malinaw ang pagsasalita kung gumagamit nang wastong kasarian sa bawat pinag-uusapan.

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng uri at kasarian ng pangngalan, isagawa ang gawain sa ibaba.

Ano-ano ang mg pangngalan na makukuha mo sainyong tahanan? Kilalanin ang uri at kasarian ng mga ito. Sumulat ng maikling talata ukol sainyong tahanan. Isulat saiyong sagutang papel

Magaling! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa pahina 12.

## *Tayahin*

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng uri at kasarian ng pangngalan?*

**Panuto:** Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon upang mabuo ang sinasabi sa talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Google | mag-aaral | internet | aso | nanay |
| pusa | Antipolo | Jerickson | klinika | |
| talakayan | beterinaryo | Gng. Salcedo | | |

Kahanga-hangang 1. _________ si 2. _________. Siya ay nakatira sa bulubundukin ng barangay 3. _________. Malayo man ang kanilang bahay sa bayan subalit malakas ang signal ng 4. _________ sa kanilang cellphone. Maliban sa itinuturo ng kaniyang gurong si 5. _________ matiyaga niyang hinahanap sa 6. _________ ang lahat ng kanilang aralin. Kaya't sa oras ng 7. _________ tuwang-tuwa ang kaniyang mga kamag-aaral sa mga bagong impormasyon na kaniyang ibinabahagi.

Maliban sa paghahanap ng mga kakaibang balita, mahilig din siyang mag-alaga ng 8. _________ at 9. _________. Tumutulong din siya sa kaniyang ina sa pagtitinda ng gulay. Sa kaniyang paglaki, pangarap niyang maging isang 10. _________.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 12.


Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?


☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

*Gumawa ng maikling usapan tungkol sa sarili at sa iyong kaibigan, gamitin ang mga uri at kasarian ng pangngalan sa usapan. Isulat ang sagot sa papel.*





Malugod na pagbati!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin
1. guro
2. Gng. Rose D. Lagrimas
3. Paaralang
4. Santiago
5. Lungsod Iriga
6-7. nurse, arkitekto
8. magsasaka
9-10. prutas, gulay

Pagyamanin

A.
1. Safeguard
2. nanay
3. Lily
4. babae
5. pitaka

B.
1. kaibigan
2. Pipay
3. baon
4-5. lapis, papel

Isaisip
1. dalawang
2. Pantangi
3. Pambalana
4. Pantangi
5. malaking
6. Pambalana
7. maliit
8. babae
9. lalaki
10. di-tiyak
11. walang kasarian

Isagawa

Depende sa guro

Tayahin
1. mag-aaral
2. Jerickson
3. Antipolo
4. internet
5. Gng. Salcedo
6. Google
7. talakayan
8. aso
9. pusa
10. beterinaryo

## *Sanggunian*

Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc., pp.2-16.

Liwanag, L., 1999. *Landas Sa Wika*. 1st ed. Quezon City: Dane Publishing House Inc., pp.52-54,60-62,

Lalunio, L., Mindo, D. and Ril, F., 2000. *Hiyas Sa Wika 6*. 1st ed. Quezon City: LG&M Corporation, pp.30-32,35.

Rafael-Gloria, T. and Cruz, G., 2004. *Alab ng Wikang Filipino 6*. 1st ed. Sta. Ana. Manila: Innovative Educational Materials, Inc., pp.100-102,108110,119-123,133-135.

.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph